## Tseklist para sa Pandinig at Pagsasalita

(para ma-monitor ang pandinig ng iyong sanggol)

### Pagkasilang hanggang 3 buwan

- [ ] Pumapanatag sa mga pamilyar na tunog o boses
- [ ] Nagugulat o napapaigtad sa mga biglaang ingay

### 3 hanggang 6 na buwan

- [ ] Ibinabaling ang ulo o mga mata sa mga nakakawiling tunog
- [ ] Tila nakikinig
- [ ] Madaling magising sa tunog
- [ ] Nagsisimulang gumawa ng mga tunog na tila-salita

### 6 hanggang 12 buwan

- [ ] Naiintindihan ang mga simpleng salita, hal. 'hindi' at 'babay'
- [ ] Nagsisimulang kopyahin ang tunog ng mga salita
- [ ] Ibinabaling ang ulo sa mga mahihinang tunog

### 12 hanggang 18 buwan

- [ ] Tila nakakaintindi ng marami pang mga salita bawat linggo
- [ ] Kapag hinilingan, itinuturo ang mga tao, bahagi ng katawan o laruan
- [ ] Sinusunod ang mga simpleng pasalitang tagubilin, hal. 'maupo ka'
- [ ] Nagsasabi ng dalawa o tatlong totoong mga salita, hal., 'bola', 'aso', kotse'

## Appointment sa Audiology ng aking sanggol

Gugustuhin ng Audiology team na suriin ang pandinig ng iyong sanggol bago siya mag-12 buwan. Kokontakin ka nila para makipag-ayos ng oras.

## Paano kung hindi kami makakapunta sa appointment?

Kung hindi kayo makakapunta sa inyong appointment, abisuhan ang inyong Audiologist sa lalong madalling panahon *bago dumating ang appointment* para maka-pag-iskedyul na muli.

## Paano kung lilipat kami?

Kung kayo ay lilipat sa ibang bayan o lungsod, tawa-gan ang inyong serbisyo ng Audiology at masasabi nila sa iyo ang isang serbisyo na mas malapit sa inyo.

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Programa ng Malusog na Pandinig (Healthy Hear-ing Program), mag-scan ng QR code.**

Kung nagbago ang mga detalye ng pagkontak sa iyo, mangyaring ipaalam sa serbisyo ng Audiology, upang maabisuhan ka nila ng mga appointment.

Kung hindi ka kinontak ng inyong Audiology team bago mag-isang taong gulang ang iyong sanggol, kontakin mo ang serbisyo ng Audiology para mag-iskedyul ng appointment.

# Healthy Hearing Program

## Programa ng Malusog na Pandinig




## Your Baby's Follow-Up Hearing Check

### Ang Follow-Up na Pagsusuri ng Pandinig ng iyong sanggol

Maaaring magbago ang pandinig ng isang bata sa paglipas ng panahon.

Ipapaliwanag sa polyetong ito kung bakit mahalaga para sa ilang mga sanggol na ipasuring muli ang kanil-ang pandinig bago ang kanilang **1 taong Kaarawan,** o mas maaga sa **gulang na 6 na linggo** para sa ilang natukoy na mga salik (factors) ng panganib.

Queensland Government

Nirebyu noong 2024

Maaaring masuri ang pandinig sa anumang edad. Kung ikaw ay walang kasalukuyang referral sa isang Audiologist at ikaw ay nag-aalala tungkol sa pandinig ng iyong sanggol, makipag-usap sa doktor ng iyong sanggol tungkol sa referral para magpasuri sa pandinig ng iyong sanggol.

# Ang Malusog na Pandinig ay mahalaga sa pagsasalita ng iyong anak at sa pag-unlad ng kanyang wika mula sa pinakamaagang mga buwan ng buhay

## Naipasa ng aking sanggol ang kanyang pag-susuri sa pagdinig noong bagong silang siya. Bakit niya kailangan ng isa pang pagsusuri sa pandinig?

Ang iyong sanggol ay may isa o higit pang mga salik ng panganib na maaaring magpalaki ng tsansa niyang magkaroon ng kawalan ng pandinig sa paglaki niya.

Kung ang iyong sanggol ay mayroon ng alinman sa mga salik ng panganib, siya ay aalukin ng isang detalyadong pagsusuri sa pandinig sa loob ng **6 na linggo** ng kanyang pagsusuri sa pandinig noong bagong silang siya

- Mga kalagayang kaugnay sa kawalan ng pandinig
- Mga problema sa istruktura ng ulo/mukha, hal. cleft palate (bingot)

Kung ang iyong sanggol ay mayroon ng isa o higit pa ng sumusunod na mga salik ng panganib, siya ay aalukin ng pagsusuri ng Audiology bago siya **mag-1 taong gulang:**

- kasaysayan sa pamilya ng permanenteng kawalan ng pandinig. Ibig sabihin, mga magulang o mga kapatid ng sanggol na may kawalan ng pandinig simula pa sa kanilang pagkabata
- pagkalantad sa mga partikular na impeksyon sa panahon ng pagbubuntis o panganganak
- malulubhang kahirapan sa paghinga nang isilang

Bagama't kaunti lamang na mga sanggol na may mga salik ng panganib na ito ang talagang magkakaroon ng kawalan ng pandinig, mahalaga ang follow up na pagsusuring ito ng Audiology team.

## Tila tumutugon sa tunog ang aking sanggol. Kailangan pa ba niya ng follow-up na pagsusuri sa pandinig?

Karamihan sa mga sanggol na may kawalan ng pandinig ay nakakarinig at tumutugon pa rin sa ilang mga tunog. Kaya, imposibleng matukoy ang kawalan ng pandinig nang walang wastong pagsusuri.

Ang maagang pagdiskubre sa kawalan ng pandinig ay nagbibigay ng pinakamagaling na pagkakataon para sa pagsasalita at pag-unlad sa wika ng iyong sanggol. Mahalaga ito para sa kanyang pagkatuto, kagalingang panlipunan at pandamdamin sa hinaharap.

## Ano ang nangyayari sa Audiology?

Susuriin ng Audiology team ang iba't ibang bahagi ng sistema ng pandinig ng iyong sanggol. Ipapaliwanag nila ang bawat pagsusuri at ang mga resulta sa oras ng appointment.

Kukumpirmahin ng mga pagsusuri kung ang iyong anak ay may sapat na pandinig upang paunlarin ang pagsasalita at wika, o kung siya ay nagkaroon ng kawalan ng pandinig.



Maaaring mangailangan ng isa o dalawang appointment ang iyong sanggol para makakuha ng mga resulta.

## Kabilang sa Audiology team ang:

Ang Audiologist ay isang espesyalista sa pandinig na may mga kasanayan at kagamitan upang magsagawa ng madetalyeng pagsusuri sa pandinig. Ang Allied Health Assistant o Audiology Assistant ay sinanay upang magsagawa ng mga pagsusuri sa pandinig.

## Magkano ang pagsusuri sa pandinig?

Ang mga serbisyo ng audiology na ibinibigay ng pamahalaan ay libre at makukuha ng mga sanggol na marapat sa **Medicare**, ipinanganak man sila sa pampubliko o pribadong ospital. Maaaring may mga nakapaloob na gastos para sa mga sanggol na hindi nasasaklawan ng Medicare.

Kung pipiliin mong pumunta sa isang pribadong Audiologist, inirerekomenda namin na pag-usapan ninyo ang mga gastos bago dumating ang appointment.

Ang inyong tagasuri ay maaaring magbigay sa iyo ng mga detalye ng mga serbisyong Audiology sa inyong pook.

## Paano kung may kawalan ng pandinig ang aking sanggol?

Kung ang iyong sanggol ay may **pansamantalang kawalan ng pandinig**, gugustuhin ng inyong Audiology team na matingnan siyang muli. Kung hindi bubuti ang pansamantalang kawalan ng pandinig, irerekomenda ng Audiology team na patingnan sa isang espesyalista sa Ear Nose and Throat (ENT) ang iyong sanggol.

Kung ang iyong anak ay may **permanenteng kawalan ng pandinig**, ire-refer siya ng inyong Audiologist sa ilan o lahat ng mga sumusunod:

- Childhood Hearing Clinic
- Espesyalista ng Ear Nose and Throat
- Paediatrician
- Hearing Australia, para sa pagsusukat ng (mga) hearing aid
- Healthy Hearing Family Support (HHFS)
- Iba pang mga espesyalistang serbisyo kung kailangan.

Tutulong ang HHFS na iugnay ka sa mga serbisyong ito.

Kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa pandinig ng iyong sanggol, maaari mong tawagan ang inyong Audiology team para sa isang mas maagang appointment.

Nirebyu noong 2024